# Batas sa “red flag”: Proseso ng pang-emergency na kautusan ng pagbabawal

Sa isang emergency, tumawag sa 9-1-1 o sa lokal na pulisya.

Kung ang isang tao ay pinaniniwalaang nagdudulot ng panganib sa kaligtasan ng kanyang sarili o ng iba, puwedeng mag-apply ang kahit sino sa isang hukumang panlalawigan o teritoryal para sa isang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal na humihiling na pansamantalang alisin ang mga baril, iba pang item, at mga lisensya ng mga baril.

## Proseso ng aplikasyon

### 1. Aplikasyon sa isang hukumang panlalawigan o teritoryal

Ang unang hakbang ay isang aplikasyon sa isang hukumang panlalawigan o teritoryal para sa isang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal para alisin ang mga baril at iba pang item kung ang isang tao ay pinaniniwalaang nagdudulot ng panganib sa kaligtasan ng kanyang sarili o ng iba.

**Puwedeng mag-apply ang kahit sino para sa isang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal.**

**Paalala**: Kung may panganib na puwedeng ma-access ng indibidwal ang mga baril ng ibang tao, puwede ring mag-apply para sa isang pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access.

## 2. Magsasagawa ng pagdinig ang hukom

Kasunod nito, magsasagawa ng pagdinig ang isang hukom (kung saan ang aplikante ay magbibigay ng ebidensya) para matukoy kung dapat bang isagawa ang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal.

**Ang taong napapailalim sa kautusan ay wala sa pagdinig.**

> **Paalala**: Hindi aabisuhan ang tao tungkol sa pagdinig o aplikasyon maliban kung ginawa ang kautusan. Puwede ring hilingin ng aplikante sa hukuman na protektahan ang kanyang pagiging anonymous sa pamamagitan ng pagbura ng impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan na kasama sa aplikasyon o pagtanggi sa pag-access dito. Puwedeng isara ng hukuman ang pagdinig sa publiko/media.

**Pagkatapos ng pagdinig para sa isang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal, puwedeng mangyari ang isa sa dalawang bagay:**

1. Kung ang hukom ay hindi kumbinsido na dapat gawin ang kautusan para matiyak ang proteksyon ng sinumang tao, hindi ilalabas ang kautusan, at wala nang karagdagang aksyon na gagawin.
2. Kung ang hukom ay kumbinsido na dapat gawin ang kautusan para matiyak ang proteksyon ng sinumang tao, ipagkakaloob ang kautusan. Ang isang kautusan ay magkakabisa kaagad at puwedeng tumagal nang hanggang 30 araw.

## 3. Ang taong napapailalim sa kautusan ay aabisuhan; ang mga baril ay aalisin

Kapag ginawa ang isang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal, aabisuhan ang taong napapailalim sa kautusan. Ang mga baril, armas, at iba pang item ng tao ay aalisin nang hanggang 30 araw. Ang mga baril ay kukumpiskahin ng pulisya o isusuko ng may-ari.

**Paalala:** Habang may bisa ang kautusan, ang taong pinatutungkulan ng kautusan ay puwedeng mag-apply para ipakansela ito. Puwede rin siyang mag-apply para ipaalis ang kautusan ng pagbabawal para sa mga dahilang pangkabuhayan o pantrabaho. Nasa hukom ang pagpapasya kung kakanselahin o aalisin ang kautusan.

Kung ang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal ay nakansela o kapag natapos na ito, ibabalik ang mga item at lisensya ng mga baril ng tao sa lalong madaling panahon.

## 4. Mas pangmatagalang kautusan ng pagbabawal (sa pagpapasya ng Hukom)

Posibleng magdesisyon ang hukom na magtakda ng pagdinig para isaalang-alang ang isang mas pangmatagalang kautusan ng pagbabawal, na puwedeng tumagal nang hanggang limang taon.

Hindi ibabalik ang mga item at lisensya ng mga baril ng tao hangga't hindi natatapos ang pagdinig.

**Kapag natapos na ang pagdinig, puwedeng mangyari ang isa sa dalawang bagay:**

1. **Hindi magkakaloob ng mas pangmatagalang kautusan ang hukom**. Kakanselahin ang pang-emergency na kautusan ng pagbabawal, at ibabalik ang mga item at lisensya ng mga baril ng tao sa lalong madaling panahon.
2. **Magkakaloob ang hukom ng mas pangmatagalang kautusan ng pagbabawal nang hanggang 5 taon**. **Hindi** ibabalik ang mga item at lisensya sa mga baril ng tao.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas sa red flag at mga proteksyong ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na hukuman. Matuto pa tungkol sa mga batas sa “red flag” at kung paano makakatulong ang mga ito sa pagpigil sa karahasan na nauugnay sa mga baril:
https://www.canada.ca/red-flag-laws (https://canada.ca/lois-drapeaux-rouges)

Available din sa isang naa-access at digital na format online:
https://www.publicsafety.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-epo-prcs/index-en.aspx
(https://www.securitepublique.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-epo-prcs/index-fr.aspx)

© Ang Kanyang Kamahalan na Hari sa Karapatan ng Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan at Paghahanda sa Emergency, 2026.

Marso 2026 Cat. No. PS4-334/5-2025Tgl-PDF ISBN 978-0-660-98398-1